

KALAKIP A-1: Form sa Pagsusuri ng mga Tauhan

(Nobyembre 2, 2020)

Ang anumang negosyo o entity na pinapayagang magpatakbo sa San Francisco sa panahon ng COVID-19 pandemic ay DAPAT mag-screen ng mga Tauhan gamit ang mga tanong sa ibaba sa araw-araw na batayan bilang bahagi ng pagsunod sa Protokol sa Social Distancing (Pagdistansiya sa Tao) at ibigay ang impormasyong ito sa Tauhan. Pumunta sa www.sfcddcp.org/screen para sa higit pang impormasyon o kopya ng form na ito. Huwag gamitin ang form na ito para suriin ang mga customer, bisita, o panauhin. Ang forma sa pagsusuri para sa Hindi Tauhan ay makukuha sa www.sfcddcp.org/screen. Ang mga kautusan o direktiba ng Opisyal sa Kalusugan ay posibleng mayroong karagdagang kinakailangan sa pagsusuri.

BAHAGI 1 – Dapat mong sagutan ang mga sumusunod na tanong bago simulan ang iyong trabaho sa araw-araw na nagtatrabaho ka.

Maaaring kailanganin mong magbigay ng mga sagot nang personal o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o iba pang electronic na paraan sa Negosyo bago mo simulan ang bawat shift. Kung magbabago ang anumang sagot habang nasa trabaho ka, abisuhan ang Negosyo sa pamamagitan ng telepono at umalis sa lugar ng trabaho.

1. Sa nakalipas na 10 araw, na-diagnose ka bang may COVID-19 ka o sumailalim ka ba sa isang pagsusuring nagkukumpirmang mayroon ka ng virus?

2. Sa nakalipas na 14 na araw, nagkaroon ka ba ng **“Malapitang Contact”** sa isang taong na-diagnose na may COVID-19 o sumailalim sa isang pagsusuring nagkukumpirmang mayroon siya ng virus habang nakakahawa siya[†]?

† “Malapitang Contact” ay nangangahulugan na nagkaroon ka ng anuman sa mga sumusunod na uri ng pakikipag-ugnayan sa taong may COVID-19 (ikaw man o ang taong may COVID-19 ay may suot ng mask) habang nakakahawa siya[‡]:

- Nasa 6 na talampakan sa kanya para sa kabuuang 15 minuto o mahigit pa sa loob ng 24 na oras
- Tumira ka sa kanya o nagpalipas ka ng gabi sa kanya
- Ang kanyang intimate na sex partner, kasama lang ang paghalik
- Inalagaan mo siya o inalagaan ka niya
- Nagkaroon ng direktang contact sa kanyang mga likido sa katawan o mga inilalabas (hal., inubuhan o bumahin sa iyo o nagsalo kayo ng mga kubyertos sa pagkain o pag-inom)

‡ Panahon ng Nakakahawa: Ang mga taong may COVID-19 ay itinuturing nakakahawa simula 48 oras bago magsimula ang mga sintomas hanggang 1) nang 10 araw na ang lumipas simula na mag-umpisa ang kanyang mga sintomas, 2) hindi siya nagkaroon ng lagnat nang hindi bababa ng 24 na oras AT 3) bumuti ang kanyang mga sintomas. Ang taong may COVID-19 ay hindi nagkaroon ng mga sintomas, itinuturing silang nakakahawa simula 48 oras bago nakuha ang kanyang positibong pagsusuri ng COVID-19 hanggang 10 araw matapos siyang masuri.

3. Sa nakalipas na 24 na oras, kasama ngayong araw, nagkaroon ka ba sa isa o higit pang sintomas na ito na bago o hindi maipaliwanag ng isa pang kondisyon?

- Lagnat (100.4°F/38.0°C pataas), giniginaw, paulit-ulit na panginginig/pangangatog
- Ubo
- Pananakit ng lalamunan
- Pangangapos ng hininga, hirap sa paghinga
- Hindi pangkaraniwang panghihina o pagkahapo
- Kawalan ng panlasa o pang-amoy
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Pananakit ng ulo
- Sipon o baradong ilong
- Pagtatae
- Pagduruwal o pagsusuka

Kung “OO” ang sagot mo sa ALINMAN sa 3 tanong na ito, huwag pumasok sa anumang negosyo o pasilidad, at sundin ang mga hakbang na nakalista sa Bahagi 2 sa ibaba.

BAHAGI 2 –

- Kung **OO** ang isinagot mo sa **Tanong 1** o **Tanong 2: HUWAG PUMASOK SA TRABAHO**. At:
 - **Sundin ang Mga Hakbang sa Pag-isolate/Pag-quarantine** sa: www.sfcddcp.org/Home-Isolation-Quarantine-Guidelines (Mga Alituntunin-sa Pag-isolate-sa Bahay-Pag-quarantine) **DAPAT** mong sundin ang mga panuntunang ito sa pag-isolate/pag-quarantine, gaya nang **iniuutos** ng Health Directive No 2020-03c/02c.
 - Huwag bumalik sa trabaho hanggang sa sabihin sa Mga Hakbang sa Pag-isolate o Pag-Quarantine na ligtas nang bumalik!

KALAKIP A-1: Form sa Pagsusuri ng mga Tauhan

(Nobyembre 2, 2020)

- Kung **OO** ang isinagot mo sa **Tanong 3**: Posibleng mayroon kang COVID-19 at **dapat na masuri para sa virus** bago bumalik sa trabaho. Kung hindi magpapasuri, dapat kang tratuhin ng Negosyo bilang positibo sa COVID-19 at atasang huwag pumasok nang hindi bababa sa **10** araw. Para makabalik sa trabaho nang mas maaga at para maprotektahan ang iba, **sundin ang mga hakbang na ito**:
 1. **MAGPASURI!** Kung mayroon kang insurance, makipag-ugnayan sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa pagsusuri sa COVID-19. Kung wala kang insurance, puwede kang mag-sign up para sa libreng pagsusuri sa CityTestSF (<https://sf.gov/citytestsf>). Kung nakatira ka sa labas ng Lungsod, magtanong sa county kung saan ka nakatira, magpasuri sa iyong karaniwang provider ng pangangalagang pangkalusugan, o gamitin ang CityTestSF.
 2. Hintayin ang mga resulta sa bahay at sundin ang mga instruksyon sa www.sfdcp.org/Home-Isolation-Quarantine-Guidelines (**Mga Alituntunin-sa Pag-isolate-sa Bahay-Pag-quarantine**) para matukoy ang mga susunod na hakbang. Bumalik lang sa trabaho kapag sinabi ng mga alituntuning ito na ligtas na.

Mahalaga ang iyong kalusugan sa trabaho! Para mag-ulat ng paglabag sa mga kautusan at direktiba sa kalusugan ng San Francisco hinggil sa COVID-19 (www.sfdph.org/healthorders), kasama ang mga kinakailangan para masuri at huwag magpapasok ng may sakit na tauhan sa trabaho, pati na rin ang mga kinakailangan sa social distancing at pagtatakip ng mukha, tumawag sa: 311 o 415-701-2311 (Ingles) o 415-701-2322 (Español, 中文, TTY). Puwede mong hilingin na manatiling kumpidensyal ang iyong pagkakakilanlan.